OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
by: [signature]
Date: 3-1-23 Time: 10:30

# KAPASIYAHAN BLG. 2023-40

**"NAGPAPATIBAY AT NAGBIBIGAY AKREDITASYON SA BULACAN SPECIAL FORCE RIDERS ASSOCIATION INC. DITO SA BAYAN NG BUSTOS, BULACAN."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Phillip Wryner B. Santos**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Kagalingan at Serbisyong Panlipunan**

---

**SAPAGKA'T,** isinasaad sa Seksyon 34 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal, na ang Pamahalaang Lokal ay dapat magsulong ng pagtatatag at pagpapatakbo ng mga non-governmental organization upang maging aktibong katuwang sa paghahangad ng lokal na awtonomiya;

**SAPAGKA'T,** noong ika-15 ng Hunyo 2022 ay ibinaba ng Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal ang Memorandum Circular No. 2022-083 na nauukol sa "*Guidelines on the accreditation of civil society organizations and selection of representatives to the local special bodies*";

**SAPAGKA'T,** ang Bulacan Special Force Riders Association Inc. sa pamamagitan ng kanilang Pangulo, Gng. Rosalyn V. Santiago ay nagpahayag ng kanilang intension na maging isang accredited CSO sa Probinsya ng Bulacan, Bayan ng Bustos upang sumunod sa aktibong pakikisama sa Lokal na Pamahalaan at maging aktibong katuwang sa paghahangad ng lokal na awtonomiya;

**SAPAGKA'T,** ang Bulacan Special Force Riders Association Inc., ay nakatugon sa mga dokumentong kinakailangan upang sila ay mabigyan ng akreditasyon ng Sangguniang Bayan, sang ayon sa itinatakda ng DILG Memorandum Circular Number 2022-083.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. PHILLIP WRYNER B. SANTOS** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay **IPINASISIYA,** na bigyang akreditasyon Bulacan Special Force Riders Association Inc., dito sa bayan ng Bustos, Bulacan.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-13 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Marie Nina Nikkie Perez, MA**<br>Kasangguni | **Leo T. Santos**<br>Kasangguni |
| **Phillip Wryner B. Santos**<br>Kasangguni | **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni |
| **Aljhaneal E. Quiñones**<br>Kasangguni | **Soliman C. Santos**<br>Kasangguni |
| **Wilfredo G. Canoza**<br>Kasangguni | **John Erick L. Perez**<br>Kasangguni |
| **Virgilio S. Paglinawan**<br>ABC President | **Angelica DL. Tadeo**<br>SK President |

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

---

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-13 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim